

LESSON 10
FROM CURSE TO BLESSING

GALACIA 3:10-14

Sapagkat ang lahat na umaasa sa mga gawa ng kautusan ay nasa ilalim ng sumpa; sapagkat nasusulat, "Sumpain ang bawat isang hindi sumusunod sa lahat ng bagay na nasusulat sa aklat ng kautusan."

¹¹*Ngayon ay maliwanag na walang sinumang inaaring-ganap sa harapan ng Diyos sa pamamagitan ng kautusan, sapagkat "Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya."*

¹²*Subalit ang kautusan ay hindi nakasalig sa pananampalataya; sa halip, "Ang gumagawa ng mga iyon ay mabubuhay sa mga iyon."*

¹³*Tinubos tayo ni Cristo mula sa sumpa ng kautusan nang siya'y naging sumpa para sa atin---sapagkat nasusulat, "Sumpain ang bawat binibitay sa punungkahoy"---¹⁴upang kay Cristo Jesus ang pagpapala ni Abraham ay dumating sa mga Hentil, upang ating tanggapin ang pangako ng Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya.*

PANIMULA

1. Naranasan mo na bang pagkatiwalaan ang isang bagay o isang tao dahil akala mong makakabuti sa iyo ngunit makakasama pa pala? Ano'ng ginawa mo pagkatapos?

Tulay sa Pag-aaral: Kung alam nating ang isang bagay ay hindi mapagkakatiwalaan dahil makakasama pa sa atin, may gagawin tayong pagbabago. Alam nating ang sarili nating kakayahang sumunod sa mga utos ng Diyos ay hindi natin maaaring pagkatiwalaan dahil kapahamakan lang ang idinulot nito sa atin. Dito sa verses 10-14 ay patutunayan ni Pablo na kung ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya sa pangako ng Diyos na nakay Cristo, nangangahulugang ito'y hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan.

PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verses 10-12. Ayon sa mga talatang ito, isalarawan ang kalagayan ng mga taong umaasa sa Kautusan para sa kanilang kaligtasan? Bakit ito isang kalagayan na dapat iwasan ng tao?

3. Bakit nasa ilalim ng sumpa ng Diyos ang mga taong umaasa sa pagsunod sa Kautusan? Ano'ng malaking problema ng tao sa pagtatangka niyang makaabot sa Diyos sa sarili niyang gawa?
4. Anong klaseng tao ang tinutukoy dito ni Pablo? Mga kriminal o mga relihiyoso? Patunayan ang sagot.
5. Bakit hindi maaaring sabay na magtiwala sa sariling gawa at sa ginawa ni Cristo?
6. Paano nakikita sa atin na tayo'y nagtiwala pa rin sa sarili nating gawa kahit sinasabi nating kay Cristo tayo nagtiwala? Anong tugon ang nais ng Diyos na gawin natin ukol dito?
7. Basahin ang verses 13-14. Sa laki ng problema ng tao, anong solusyon ang ginawa ng Diyos? Paano naging solusyon si Cristo sa problema natin?
8. Sa ginawang pagtubos sa atin ni Cristo, ano ang malaking biyayang napasaatin? Paano ito naging isang malaking pagpapala mula sa Diyos?
9. Sa laki ng pagpapalang tinanggap natin mula sa Diyos, bakit sa tingin ninyo mas nakatuon ang isip natin sa mas maliliit na pagpapala?

PAGSASABUHAY

10. Sa anu-anong pagkakataon nasusumpungan ka ng Diyos na nagtiwala sa sarili mong kabutihan sa halip na sa ginawa ni Cristo para sa iyo? Ano ang gagawin mo ukol dito?
11. Maglaan ng pansariling pananalangin ng pagsisisi. Magpasalamat sa Diyos dahil sa laki ng ginawa niya para sa iyo.